



SINO ANG TATAWAGAN:

MGA OPISYAL SA PROYEKTONG IWSA

9635 8022

9:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon

Lunes hanggang Biyernes
info@speakout.org.au

O ikaw ay maaaring tumawag sa mga sumusunod na mga numero para sa tulong. Sila ay bukas 24 na oras bawat araw at 7 araw bawat linggo.

PULISYA:

000

LINYANG TAWAGAN NG KARAHASAN SA TAHANAN:

1800 656 463

Kung kailangan mo ang isang taga-interpretate mangyaring tawagan ang TIS: 13 14 50

PAANO KA NAMIN MATUTULUNGAN:

- Tulong sa pag-unawa ng iyong sitwasyon at mga mapagpipilian mong gamitin.
- Impormasyon sa mga serbisyong makakatulong na kagaya ng kalusugan, bayad ng natatanging benepisyo (special benefit payment), pabahay, pambatas at iba pang mga lugar na alalahanin.
- Suporta sa iyong pagpapasya.
- Mga pagsasangguni na patungo sa iba pang mga serbisyo na kagaya ng pansamantalang tirahan (crisis accommodation), pagpapayo at payo sa batas.
- Tulong sa pakikipag-usap sa Department of Home Affairs tungkol sa iyong karanasan sa karahasan sa pamilya.

Kung hindi ka marunong mag-Ingles, maaari kaming makipag-ayos ng isang interpreter para sa iyo.




SERBISYO NG KARAHASAN SA TAHANAN

Pinagsamang Serbisyo ng Suporta sa mga Multicultural na Kababaihan na Walang Tahanan (HoMWISS) Para sa mga Kababaihang Migrante at Refugee

Ikaw ba ay natatakot sa o nasaktan ng isang kasambahay?

Ikaw ba ay walang tirahan o nanganiban na mawalan ng tirahan?

MAAARI KANG MAKAKUHA NG TULONG.



Ano ang karahasan sa tahanan at pamilya?

Ang Karahasan sa Tahanan at Pamilya ay nagaganap kung ang isang tao ay gumagamit ng ilang uri ng karahasan na kagaya ng pisikal, emosyonal, sekswal, espirituwal, teknolohikal, pinansyal, panlipunan o pang-kultura upang higitan ang ibang tao sa isang pangkasalukuyan o nakaraang pagsasama.

Mahigit 98% sa mga kaso ng mga karahasan sa tahanan at pamilya na ang mga biktima ay mga kababaihan.

Ang Karahasan sa Tahanan at Pamilya ay maaaring may kasamang:

- Panununtok, panghahagupit, pananampal, paghahagis ng mga bagay, panunulak, paggamit ng isang sandata.
- Mga pagbabanta na sasaktan o susugatan ang isang babae o bata.
- Palaging inilalagay sa kahihyan, mga komentong pagpapahiya sa publiko at sa bahay, sinisigawan.
- Mga puna na nakadirekta sa pagiintimida o pananakot sa babae o bata.
- Nagsasanhi ng pagkasugat o sinasaktan ang mga alagang hayop o paninira ng ari-arian.
- Hindi ginugustong sekswal na panghihipo o mga aktibidad o mga komento.
- Inilalayo ang babae sa pamilya at mga kaibigan.
- Pagkakait sa babae ng mga pangunahing pangangailangan kagaya ng pera at pagkain.

Ang karahasan sa tahanan at pamilya ay isang krimen.

Nakakaapekto ito hindi lamang sa iyo, kung hindi sa iyong mga anak. Ang mga batang nakakaranas at nakakasaksi ng karahasan sa tahanan at pamilya ay maaaring habambuhay na ma-trauma.

May karapatan kang makadama ng kaligtasan.

Kung ikaw ay nakakaranas ng karahasan sa tahanan at pamilya, ang mga nasa ibaba ang mga hakbang na maaari mong magawa:

- Sabihing **“HINDI”** sa ano mang uri ng karahasan.
- Kausapin ang isang tao na pinagkakatiwalaan mo.
- Tawagan ang Pulisya sa 000.
- Kumuha ng payo mula sa isang propesyonal na kagaya ng:
 - ♦ Linyang matatawagan ng Karahasan sa Tahanan.
 - ♦ Tagapayo sa isang Sentro ng Kalusugan sa Komunidad (Community Health Centre) sa iyong lugar.
 - ♦ Manggagawang tagapagsuporta sa mga pamilya (family support worker) sa isang organisasyon sa komunidad.
 - ♦ Manggagawa mula sa Women's Domestic Violence Court Advocacy Services (WDVCASs).
- Tawagan ang pulisya kung ikaw ay nanganganib na masugatan o masaktan.
- Pumunta sa isang mahistrado ng lokal na korte o pumunta sa himpilan ng pulisya para kumuha ng isang Apprehended Violence Order (AVO) upang pigilan ang iyong maybahay na saktan ka.

Iba pang mga serbisyo na maaaring tumulong sa iyo:

Tumawag sa numero ng telepono na 000 para sa pulis at ambulansya at sa ibang mga serbisyo na pang-emerhensya.

DOMESTIC VIOLENCE LINE (PAGPAPAYO AT PANGANGARAL NG 24 ORAS)

1800 656 463

LINK 2 HOME (TIRAHAN)

1800 152 152

SERBISYO SA KARAHASAN SA TAHANAN - IWSA

9635 8022

SERBISYONG PANG-LEGAL NG MGA KABABAIHAN SA NSW

8745 6999

1800 RESPECT

1800 737 732

LAW ACCESS NSW

1300 888 529

WOMEN'S DOMESTIC VIOLENCE COURT ADVOCACY SERVICES (WDVCASs)

1800 938 227



www.speakout.org.au